# PARADA NG MGA ALINGAWNGAW

## Ang Buod

Kuwento ng adjustment sa pisikal na pagkabulag ang paksa ng "Parada ng mga Alingawngaw. Isinasalaysay rito kung paano unti-unting pinakikibagayan ni Susan ang bago niyang kundisyon. At sa gabay ng kaniyang Apung Apin, lalo pang naunawaan ni Susan ang bagong dimensiyon ng paglikha gamit ang iba't ibang tunog sa kaniyang paligid. Ang kapangyarihang ito ng kaniyang imahinasyon, ayon sa kaniyang lolo, ang magsisilbi niyang sandata upang mahusay na mapakitunguhan ang mundong nilisan ng paningin.

PARADA NG MGA ALINGAWNGAW

Hiiiiiiiinnnggggg!

Napabalikwas si Susan sa kama dahil sa matinis na huni ng takure.

Hiiiiiiiiiiiiiiinnnggggg!

Gusto pa sana niyang umidlip pero naalala niyang ito ang kaniyang espesyal na araw.

Hiiiiiiiiiiiiiiiiiiiiiiiiiinnnggggg!

Unti-unti niyang naamoy ang iba't ibang halimuyak ng kaniyang kaarawan na nagmumula sa ibabang palapag ng kanilang bahay. Sinubukan niyang isa-isahin ang mga ito.

Ang una ay ang manamis-namis na bango ng pinakukuluang tsokolate ng kaniyang ina. Ang isa nama'y ang maalat-alat na amoy ng paborito niyang daing na bangus. Sinundan ito ng nakangingiwing asim ng sawsawang suka na nilagyan ng bawang at paminta. Mayroon pang pinandanang kanin!

Muling nilanghap ni Susan ang mga amoy. Halos ganito rin nang magsiyam siya noong nakaraang taon. Ano kaya ang regalo nila sa akin ngayon? tanong niya sa sarili.

Naging libangan na ni Susan ang pagtunghay sa mga nangyayari sa ibabang bahagi ng kanilang tahanan tuwing umaga. Lumilipad na tila maliliit na eroplanong gawa sa ingay patungo sa kaniyang silid ang kalansing ng mga kubyertos na gamit ng kaniyang nanay sa pagluluto. Gayundin ang kalatong ng mga traktrakang lata ng nakababata niyang kapatid na si Biboy. Para namang mga munting saranggolang

nagpapataasan ng lipad ang iba't ibang amoy. Minsan tuloy ay naiisip niyang lupa ang ibabang palapag habang langit naman ang kaniyang kuwarto, at siya ang anghel na nakatira dito.

Marahan ang pagdampi ng malamig na hanging galing sa bintana. Inaanod nito ang masasayang halakhakan ng mga batang naglalaro sa labas. Agawan-beys o patintero? panghuhula niya sa posibleng laro ng mga bata.

Klank! Klank! Klank!

"A, tumbang-preso!" nakangiti niyang sabi matapos marinig ang pagtilapon ng latang tinamaan ng hinagis na tsinelas. Naalala niya ang iba pang mga paligsahan sa lansangan: habulan, pagtatampisaw sa ulan, at taguan kapag bilog ang buwan. Napayakap ni Susan ang kaniyang unan. Dahan-dahan niyang binakas ang pinong burda ng kaniyang pangalan sa punda nito.

Ilang sandali lang ay narinig ni Susan ang papaakyat na yabag ng kaniyang Apung Apin. Sinabayan ito ng pag-ptok! ptak! ptok! ng tungkod ng kaniyang lolo sa mga baitang na kahoy. Mayamaya lang ay pumasok na ang matapang na amoy ng pomada sa kuwarto.

Bilib na bilib si Susan kay Apung Apin. Hindi na ito makakita dahil sa malubhang katarata pero nakakagala pa rin. Hindi nito kailangan ng alalay sa tuwing may gustong gawin. Gumagamit lamang ito ng tungkod na marahang ipinangangatok sa sahig at sa mga bagay sa paligid. Ang tagutok daw nito ang kaniyang gabay upang huwag mabunggo o kaya'y matalisod.

"Maligayang kaarawan, Susan, " bati ni Apung Apin habang marahan siyang niyayakap at hinahagkan sa noo. Umupo siya sa silyang malapit sa kama. "Halika na't nakahanda na an g agahan. "

"Sige po pero," ngumiti si Susan, "puw ede n'yo po bang ikuwentong muli inyong sikreto? "

"Sikreto? " tanong ng kaniyang lolo.

"Opo, Lo. 'Yong sikreto n'yo kung bakit parang nakakakita pa rin kayo kahit hindi na. "

"A, iyon ba? " natatawang sabi ng matanda.

Napakamot ng ulo si Susan, "Gu sto ko po kasing maintindihan. "

Sumiksik si Apung Apin sa tabi ni Susan at bumulong, "Ang lihi m ng parada ng mga alingawngaw. "

Sabik na napangiti si Susan.

"Naaalala mo pa ba ang palagi kong sinasabi noong nagsisimula pa lang lumabo ang aking paningin? "

"Kung gusto mong makita ang kawalang-hanggan, ipikit mo ang iyong mga mata,' " tugon ni Susan. "E, hindi ko naman po maintindihan ang ibig n'yong sabihin.

Bahagyang ikinatok ni Apung Apin ang kaniyang tungkod sa sahig na kahoy. Ptok! "Ano ang narini g mo? "

"Ang pagtama po ng t ungkod ninyo sa sahig. "

"Na parang...? "

"Na parang may nahu log po. "

"E ito? " Ikinatok naman ng matanda ang tungkod sa dingding.

Ptok-ptok!

"Para naman pong may kumakatok sa pinto. "

"Iyon ang ibig kong sabihin, apo, " may galak sa boses ni Apung Apin. "Ang isang tunog, kapag napakinggan sa una, ikalawa, ikatlo o kahit ikailang beses pa ay bumubuo ng bagong kahulugan. "

Ptok! Ptok! Ptok!

"Parang musikerong lumilikha ng isang ganap na musika," dagdag ng matanda habang inuulit-ulit ang pangangatok ng kaniyang tungkod. Pabilis nang pabilis.

Pto-ko-tok! Pto-ko-tok! Pto-ko-tok....

"Ang musika naman ang humuhugis ng iba't ibang larawan na tila pumaparada sa ating isip. "

Pamilyar kay Susan ang nalikhang ingay ng pinagsama-samang katok. "Parang mga yabag ng isang kabayong tumatakbo! " namamangha niyang sabi.

"At ano naman ang n akikita ng isip mo?

Tumuon si Susan sa kaniyang naririnig.

Pto-ko-tok! Pto-ko-tok! Pto-ko-tok! Pto-ko-tok....

"Pu wede po ba ang isang kabayong tumatakbo sa gubat?

"Oo naman, apo, " nagagalak na sabi ni Apung Apin. " Subukan mo pang dagdagan ng detalye. Lagyan mo ng kuwento. "

Huminga nang malalim si Susan. "May isang puting kabayong tumatakbo sa malawak at madilim na gubat. Sakay-sakay nito ang diwatang tumatakas mula sa pagkabihag ng mangkukulam. "

"Magaling! " tuwang-tuwang sabi ni Apung Apin. "Kung dagdagan pa natin ng " Sumipol ang matanda na parang malakas na ugong ng hangin.

"Nag-anyong bagyo ang mangkukulam! " pagpapatuloy ni Susan. "Kumulog! "

Ginaya ng kaniyang lolo ang tunog ng kulog. " Brrrggggmmm!

"Kumidlat! "

" Khsiik! Khsiik! "

"Pero hindi natinag ang diwata. Alam niyang nasa dulo ng gubat ang kanilang kaharian, " sabi ni Susan.

" S w000000000sh! Swiiiiiiiish! Swaaaaaaaash!" dagdag naman ni Apung Apin. "Binaha ang gubat dahil sa walang tigil na ulan. Bumagal ang takbo ng kabayo pero hindi sila huminto sa paglalakbay. "

" Sw000000000sh! Swiiiiiiiish! Swaaaaaaaash!

"Tatlong linggo ang itinagal ng bagyo. Unti-unting nanghina ang salbaheng mangkukulam hanggang sa tuluyang naubos ang kaniyang kapangyarihan. Narating ng diwata ang dulo ng gubat kung saan niya muling nakapiling ang kaniyang pamilya. "

"Napakahu say! " p umapalakpak na sabi ni Apung Apin. "N akabuo ka ng isang napakagandang kuwento! "

Napahagikgik si Susan. Hindi siya makapaniwala sa kaniyang nagawa.

"Iyon ang sinasabi kong parada, apo, " inabot ni Apung Apin ang pisngi ni Susan, "ang mga larawang hatid ng musika ng paulit-ulit at pinaghalu-halong tunog, " paliwanag niya. "Pero kailangan nating pumikit upang ito'y makita.

Biglang naalala ni Susan nang minsang magpunta sila sa isang batis noong nakakakita pa siya. Napahanga siya ng kaniyang lolo dahil kayang-kaya nitong ilarawan ang paligid sa pamamagitan ng mga tunog. Noo'y napapikit si Susan upang makinig sa lagaslas ng tubig. Tila narinig din niya ang maliliit na isdang naglalaro sa ilalim nito. Pag-uwi nila kinagabiha'y nakaguhit si Susan ng isang larawan ng pagkalinis-linis na batis kahit wala na siya sa harap nito. Kinailangan lang niyang alalahanin ang tunog at kusang nabuo ang malinaw na larawan sa kaniyang isipan.

Ngayon lamang niya tuluyang naintindihan ang ibig sabihin ng kaniyang Apung Apin.

Naantala ang kuwentuhan ng maglolo dahil sa mababang ugong ng sasakyan na pumarada sa harap ng kanilang bahay. Lumangitngit ang bumubukas nilang tarangkahan. Sinundan ito ng mga pamilyar na boses.

" Kamusta na? "

Ang laki-laki t2a ni Biboy!

" Nakagugu tom naman ang amoy ng daing na bangus.

"Nariyan na sina tito at tita! " nasisiyahang sabi ni Susan. Parang nakikita niya ang mga nangyayari sa ibaba: Isinasara ng kaniyang tiyahin ang bulaklaking payong. Pagkatapos ay hahalikan naman ito sa pisngi ng kaniyang nanay. Magmamano si Biboy

sa mga bagong dating, at agad na kukunin ang mga pasalubong na sariwang prutas. Ipababasa naman ng kaniyang tiyo sa kaniyang tatay ang dyaryong binili pa sa bayan.

"Buma ba na po tayo, 'Lo, " yaya ni Susan.

Tumatawang kinusot ni Apung Apin ang buhok ng apo.

Kinapa ni Susan ang kaniyang mga tsinelas sa sahig. Pagkatapos ay mahigpit siyang kumapit sa maaligasgas na kamay ni Apung Apin. Inalalayan siya nito sa kanilang pagbaba. At habang pinakikinggan ni Susan ang pagtuktok ng tungkod ng kaniyang lolo, naisip niyang natanggap na niya ang pinakamagandang regalo, ang parada ng mga alingawngaw.